


タガログ語版 / Tagalog Edition

Gifu Prefecture Public Relations Balita mula sa Prepektura ng Gifu



Highlights para sa Pebrero 2020

Kolaborasyon ng Museo at Library *Seiryu Nagaragawa*: Paglago ng Kultura at Ecosystem ng Ayu



Larawan ng ayu at cormorant fishing (*Ukai*) sa Nagara River

Ipapakilala sa mundo ang pinagmamalaking mayamang kalikasan at natatanging kultura ng *Seiryu Nagara River* sa pamamagitan ng eksibisyon ng Mino Japanese paper, Japanese na payong at iba pang tradisyonal na mga handicrafts na konektado sa paggamit ng tubig-ilog. Magpapakita din ng panel tungkol sa cormorant fishing (*Ukai*), mga nakatirang hayop sa ilog at iba pa.

- ◆Petsa : Enero 18 (Sabado) ~ Marso 15 (Linggo)
- ◆Lugar : Gifu Prefecture Library (Gifu-shi Usa 4-2-1)
- ◆Bayad : LIBRE
- ◆Para sa mga Katanungan : Prefectural Museum
☎0575-28-3111 (tumatugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆Hanaping Salita : 岐阜県博物館

●Populasyon sa Prepektura
1,988,461 (nabawasan ng 470)

※Nobyembre 1, 2019 hanggang sa kasalukuyan.
※Ang () ay inihambing sa nakaraang buwan.

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang makikita sa Minamo Dayori!!

岐阜県 ミナモトより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisi

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Ang 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 ay pinapalabas din sa *Gifu Chan* (Channel 8)!

Pindutin ang "d" button para makuha ang lokal na impormasyon!



"*Seiryu no Kuni Gifu Health Promotion Forum*"

"Sekreto ng pananatili ng sigla ng kabataan" ang tema ng forum. Si G. Hiroshi Ikushima, isang talent, ang lektiyurer.



Larawan ng Health Promotion Forum noong nakaraang taon

Maliban dito, magkakaroon ng health check corner sa bulwagan kung saan maaaring ipasukat ang edad ng ugat at utak gamit ang isang aparato. Ipapakilala din ang mga "healthy management companies" na may mahusay na inisyatibo sa pamamahala ng kalusugan.

Inaanyayahan ang lahat na gamitin ang pagkakataong ito upang isa-isip ang kalusugan.

- ◆Petsa at Oras : Pebrero 29 (Sabado) 12:00~
- ◆Lugar : Gifu Seiryu Bunka Plaza
(Gifu-shi Gakuen-cho 3-42)
- ◆Admission fee : LIBRE
(ngunit kailangan ng aplikasyon sa lektiyur)
- ◆Para sa Aplikasyon : Seiryu no Kuni Gifu Health Promotion Forum Office
☎058-264-1158 (tumatugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆Para sa Aplikasyon : Prefectural Public Health and Medical Treatment Division
☎058-272-8860 (tumatugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆Hanaping Salita : 清流の国ぎふ健康づくりフォーラム

Kahon ng Impormasyon



Paliwanag ng
Icon



Kagasipal



Pam



Karatigka ngan/
Pagmamamag



Iba pa



Sorahaku Exhibition: "KEN III"

Noong 1940's, ginawa ng Tokyo Imperial University ang "KEN III", isang high speed research aircraft na nagtangkang palitan ang World Absolute speed record. Magkakaroon ng espesyal na eksibisyon ng mga mahalagang materyales at ipapakita din ang unang pampublikong video tungkol dito.

- ◆ **Petsa** : Pebrero 5 (Miyerkules) ~ Marso 16 (Lunes)
- ◆ **Lugar** : Gifu Kakamigahara Air and Space Museum (Kakamigahara-shi)
- ◆ **Para sa mga Katanungan** : Gifu Kakamigahara Air and Space Museum
☎ 058-386-8500 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : そらはく



Tumawag sa Safe Driving Consultation kung nawalan ng kumpanya sa pagmamaneho

Sa mga tao at kanilang kapamilya na nag-aalala sa pagmamaneho ng kotse dahil sa pisikal at mental na panghihina dulot ng pagtanda, atbp., maaaring tumawag at kumonsulta sa aming tanggapan.

- ◆ **Safe Driving Consultation Dial** : #8080
- ◆ **Para sa mga Katanungan** : Prefectural Police Driving License Division
☎ 058-295-1010 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : 岐阜 安全運転相談



Pagpapadala ng tagapagturo ng Cyber Security sa mga Kumpanya

Nagpapadala kami ng mga propesyonal na kawani bilang mga lektiyurer sa mga kumpanya at organisasyon upang magsagawa ng pagsasanay at iba't ibang mga seminar ukol sa cyber security.

- ◆ **Bayad** : LIBRE
- ◆ **Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Prefectural Police Cyber Crime Division
☎ 058-271-2424 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : 岐阜県警察 サイバーセキュリティ講話



Pambansang Fire Prevention Awareness ng Tag-sibol

Tuyo ang hangin at madaling magka sunog ngayong panahon. Dahil dito, mahalagang suriin na hindi naglalagay ng mga nasusunog na materyales malapit sa mga stove o kalan, at mag-install at suriin ang mga fire alarm sa inyong tahanan upang maprotektahan ang inyong sarili at ang buhay ng inyong pamilya.

- ◆ **Petsa** : Marso 1 (Linggo) ~7 (Sabado)
- ◆ **Para sa mga Katanungan** : Prefectural Fire Services Division
☎ 058-272-1123 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : 岐阜県 火災予防運動



Konsultasyon sa Patrolyo ng Aksidente sa Trapiko

- ◆ **Petsa** : Pebrero 6 (Huwebes), 14 (Biyernes), 26 (Miyerkules) 10 : 00 ~ 15 : 00
- ◆ **Lugar** : Tajimi City Hall (Tajimi-shi), Kamo General Government Building (Minokamo-shi), Hida General Government Building (Takayama-shi)
- ◆ **Bayad** : LIBRE ※ Magpareserba lamang isang araw bago sa araw na nais isagawa
- ◆ **Para sa Katanungan** : Prefectural General Consultation Center for Gifu Citizens
☎ 058-277-1001 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- ◆ **Hanaping Salita** : 岐阜県 交通事故相談



Bumili ng "Tokyo 2020 Jumbo" lottery sa loob ng prepektura!

Humigit-kumulang 40% ng nabebentang loterya sa loob ng prepektura ay nagiging kita ng Gifu. Ginagamit ito sa pagtaguyod ng munisipalidad, aksyon para sa tumatandang populasyon at bumababang birthrate ng lipunan, atbp. Kung kaya't para sa mga bibili, mangyaring tangkilikin at bumili sa mga tindahan sa loob ng Gifu Prefecture.

- ◆ **Panahon ng pagbebenta ng Loterya** : Pebrero 3 (Lunes) ~ 28 (Biyernes)
- ◆ **Para sa mga Katanungan** : Gifu Finance Division
☎ 058-272-1130 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Ito ang kasalukuyang impormasyon mula Disyembre 13, 2019.

Para sa mga katanungan ukol sa pahinang ito, makipag-ugnayan sa Gifu Ken Public Relations Division

☎ 058-272-1111 (Dir. Lin.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>